

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Inaprubahan ng Konseho ng Brampton ang kapana-panabik na balangkas ng set ng mga layunin at estratehiya ng pakikilahok para sa bagong Opisyal na Plano ng Lungsod**

BRAMPTON, ON (Enero 23, 2020) – Noong Enero 22, 2020 sa isang Espesyal na Pagpupulong ng Konseho, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang isang bagong balangkas sa set ng mga layunin at ekstensibong estratehiya ng pakikilahok ng komunidad para makatulong sa pagbuo ng Planong Brampton 2040 – ang bagong Opisyal na Plano ng Lungsod.

Kasunod ng ekstensibong pakikilahok ng publiko sa Fall ng 2017, ang Bisyon ng Brampton 2040 ay inindorso ng Konseho noong Mayo 2018. Ang Bisyon na ito ay naglalarawan sa mas sustainable, urban at buhay na buhay na kinabukasan para sa Lungsod. Ang [Termino ng mga Prayoridad ng Konseho](#) ay nagbabalangkas ng mahalagang mga hakbang para pakilusin ang Brampton papunta sa kinabukasang ito. Ang Planong Brampton 2040 ay isang mahalagang parte ng proseso, at itong bagong Opisyal na Plano ay magbibigay ng direksyon para matiyak na ang lahat ng pagpapalano, mga proyekto at pagpapaunlad ng Lungsod ay nagtutulungan para makamit ang mga hinahangad sa Bisyon ng Brampton 2040.

Para matulungan ang kawani ng City Hall sa paglikha ng Planong Brampton 2040, pinanatili ng lungsod ang [WSP Canada Group Ltd](#) para ipahiram ang pagiging eksperto sa maramihang disiplina sa mga bahagi ng Pagpapalano sa Paggamit ng Lupa, Pagpapalano sa Patakaran at Disenyo ng Lungsod; Pakikilahok ng Komunidad at Stakeholder, Pagiging Sustainable; Transportasyon; Pagpapalano Pangkapaligiran; Pagpapalano sa Mga Parke at Bukas na Espasyo; at Sining, Pagpapalano sa Kultura at Preserbasyon ng Kultura.

Ang balangkas ng set ng mga layunin na inaprubahan sa araw na ito ay may limang yugto na humahaba sa higit sa dalawang taon hanggang 2022, na may maramihang mga pagkakataon para sa mga residente na makilahok sa Lungsod at hubugin ang kinabukasan ng paglago ng Brampton.

### Mahalagang mga Milestone sa Pakikilahok ng Komunidad

Yugto 1: **Serye ng mga Tagapagsalita ng Brampton 2040** – nilalayon para bumuo ng mas malaking kamalayan sa pagpapalano ng lungsod sa komunidad na may partikular na atensyon sa pagsalin ng mataas na antas ng bisyon ng mga hinahangad papunta sa matagumpay na mga plano ng pagpapatupad.

Yugto 2: **Pagsubok sa Bisyon ng 2040 at Pagtukoy sa mga agwat ng Datos** – isang programa ng pakikilahok na humihingi ng input para subukan ang Bisyon ng Brampton 2040 at tukuyin ang anumang mga agwat sa datos na maaaring umiiral.

Yugto 3: **Mga Workshop sa Istruktura ng Komunidad** – ang pakikilahok sa Yugtong ito ay hihingi ng input habang mas pinagaganda ang Lungsod, sinusubukan at kinukumpirma ang istruktura ng pamayanan na binalangkas sa Bisyon ng Brampton 2040.

Yugto 4: **Diskusyon sa mga Papel at mga Direksyon sa Balangkas ng Polisiya**– ang programa ng pakikilahok ay hihingi ng input tungkol sa buod na mga bahaig ng paksa (pitong buod na mga Bahagi ng Pahayag sa Bisyon ng Brampton 2040) na magsasabi sa direksyon ng Planong Brampton 2040 ayon sa naipahayag sa pamamagitan ng mga papel ng diskusyon at isang ulat sa direksyon ng patakaran

Yugto 5: **Pinal na mga Patakaran sa OP** – sa panahon ng Yugtong ito, hihingi ang Lungsod ng input sa mga balangkas na patakaran na nilalaman sa loob ng Balangkas na Plano ng Brampton 2040.

Ang balangkas ng set ng mga layunin at ang mga pagkakataon sa pakikilahok ng komunidad na binalangkas sa estratehiya ay dinisenyo para maghatid ng nakatingin sa hinaharap na Opisyal na plano na nagsasalamin sa bisyon na itinakda sa pamamagitan ng matagumpay na proseso ng Bisyon ng Brampton 2040.

Para malaman ang higit pa tungkol sa balangkas ng set ng mga layunin at estratehiya para sa Planong Brampton 2040, pakitingnan ang [report](#) at bisitahin ang [website](#) para sa mga update at pagkakataon habang inihahatid ang estratehiya.

## **Background**

Ang kasalukuyang Opisyal na Plano ng Lungsod ay in-adopt ng Konseho noong Oktubre 2006 at bahagyang inaprubahan ng Ontario Municipal Board (OMB) noong Oktubre 2008.

Ang Seksyon 26(1) ng Batas sa Pagpaplano ay nag-uutos na ang bawat aprubadong opisyal na plano ay isaalang-alang para sa rebisyon para matiyak ang pagkaka-ayon at consistency sa mga plano at mga polisiya ng probinsya na hindi mas madalang kaysa 10 taon matapos itong magkakabisa bilang isang bagong opisyal na Plano; at kada limang taon pagkatapos nito, maliban kung ito ay palitan ng ibang bagong Opisyal na Plano.

## **Mga Quote**

“Nasasabik ang Lungsod ng Brampton na ilunsad ang proseso ng pakikilahok sa buong komunidad para sa pagbuo ng susunod na opisyal na plano ng Lungsod na nakapokus sa pagtakda ng entablado para sa paglago ng Lungsod ngayon at sa hinaharap. Ang ating maramihan na plano ay magtitiyak na ang kapana-panabik na bisyon ng komunidad ay maisasalin sa mga resulta na makabebenepisyo sa lahat sa Brampton.”

- *Mayor Patrick Brown*

“Ang ating prayoridad bilang Konseho ay ang maghatid ng mas sustainable, urban at buhay na buhay na direksyon para sa Lungsod – at gagawin iyan ng ating bagong opisyal na plano. Hinihikayat ko ang lahat ng residente ng Brampton na sumali sa isa sa maraming pagkakataon na maiparinig ang inyong boses at hubugin kung paano lalago ang ating Lungsod sa hinaharap.”

- *Martin Medeiros, Chair, Komite sa Pagpapalano at Pagpapaunlad*

“Ang Opisyal na Plano ay magbibigay ng higit na konteksto para sa kawani ng City Hall na gawin ang trabaho ng pagtatayo ng lungsod sa pamamagitan ng isang paraan na sumasamantala sa mga pagkakataon para matupad ang bisyon ng ating konseho at ng mga residente para sa Brampton. Inaasahan ng Lungsod na makikipagtulungan sa mga residente at mga stakeholder para mas mapalapit tayo sa Brampton 2040.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK SA MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Strategic na Komunikasyon sa  
Media at Pakikilahok sa Komunidad  
City of Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)